



Makatuwirang Mga Akomodasyon at Pagbabago sa Mga Setting ng Pabahay

Ang iba't ibang mga pederal na batas ay nangangailangan ng mga housing provider para makagawa ng mga makatuwirang akomodasyon at pagbabago sa mga taong may kapansanan. Ang pederal na non-discrimination laws na nagpoprotekta laban sa diskriminasyon sa may kapansanan ay sumasakop di lamang sa mga tenant at mga taong may kapansanan na naghahanap ng tirahan pero pati na rin ang mga buyer at umuupa na walang mga kapansanan na nakatira o may kaugnayan sa mga indibiduwal na may mga kapansanan.

TANONG: Sino ang maaaring mag-request ng Reasonable Accommodation o Modification para sa pabahay?

Ang iba't ibang mga pederal na batas ay nangangailangan ng mga housing provider para makagawa ng mga makatuwirang akomodasyon at pagbabago sa mga taong may kapansanan. Ang pederal na non-discrimination laws na nagpoprotekta laban sa diskriminasyon sa may kapansanan ay sumasakop di lamang sa mga tenant at mga taong may kapansanan na naghahanap ng tirahan pero pati na rin ang mga buyer at umuupa na walang mga kapansanan na nakatira o may kaugnayan sa mga indibiduwal na may mga kapansanan. Ang mga batas na ito ay nagbabawal rin sa mga housing provider na tanggihan ang paninirahan ng mga taong may kapansanan, o pagtatakda ng mga kondisyon sa kanilang paninirahan, dahil kailangan nila ang makatuwirang mga akomodasyon o pagbabago.

TANONG: Sino ang dapat sumunod sa mga kahilingang ito?

Ang requirement na magkaloob ng reasonable accommodations and modifications (makatarungang mga akomodasyon at pagbabago) ay ipinapataw sa, pero hindi limitado sa, mga indibiduwal, korporasyon, mga association, at iba pang kabilang sa nagkaloob ng pabahay o residential na pagpapauya, kasama na ang mga may-ari ng ari-arian, mga manager ng pabahay, mga homeowner at condominium association, mga lender, mga real estate agent, at mga brokerage service. Ginagamit rin ito sa mga gobyerno ng estado at

lokal na gobyerno, kasama na ayon sa pagkakapaliwanag sa exclusionary zoning o iba pang mga desisyon sa paggamit ng lupain.

TANONG: Ano ang reasonable accommodation (makatuwirang akomodasyon) para sa pabahay?

Ang reasonable accommodation (makatuwirang akomodasyon) ay isang pagbabago, eksepsyon, o pag-aayos sa isang tuntunin, patakaran, pamamalakad, o serbisyo na maaaring kinakailangan para sa isang taong may kapansanan na magkaroon ng patas na oportunidad na gamitin at mag-enjoy sa isang lugar, kasama na ang mga pampubliko o karaniwang ginagamit na mga espasyo, o para matupad ang kanilang mga obligasyon sa program. Mangyaring tandaan na ang ADA ay madalas na tumutukoy sa ganitong mga uri ng akomodasyon bilang mga "pagbabago."

Anumang pagbabago sa mga paraan kung paano karaniwang ginagawa ang mga bagay-bagay na nagpapahintulot sa isang tao na may kapansanan na mag-enjoy sa mga oportunidad sa pabahay o matugunan ang mga requirement sa isang program ay isang reasonable accommodation. Sa madaling salita, ang reasonable accommodation ay nag-aalis sa mga hadlang na nagsisilbing balakid lang sa taong may kapansanan mula sa ganap na pagiging bahagi ng mga oportunidad sa pabahay, kasama na ang parehong pribadong pabahay at federally assisted na mga programa o aktibidad. Maaaring hindi hilingin ng mga housing provider ang mga taong may kapansanan na magbayad ng mga extra na fee o mga deposito o magtakda ng anumang mga espesyal na kondisyon o requirement bilang kondisyon sa pagtanggap ng isang reasonable accommodation.

Dahil ang mga tuntunin, patakaran, pamamalakad, at serbisyo ay maaaring iba ang epekto sa taong may mga kapansanan kaysa sa iba, ang paggagamot sa mga taong may kapansanan tulad ng iba ay minsang tumatangi sa mga may kapansanan ng patas ng oportunidad para ma-enjoy ang tirahan o makasali sa programa. Hindi lahat ng mga may kapansanan ay kailangang mag-request ng reasonable accommodation. Gayunman, lahat ng mga ma kapansanan ay may karapatan na mag-request o bigyan ng reasonable accommodation kahit kailan.

Sa ilalim ng Section at ng ADA, ang mga public housing agency, iba pang mga federally assisted na housing provider, at entity ng gobyerno ng estado at lokal na gobyerno ay kailangang magbigay at bayaran ang mga pagbabago sa istruktura bilang mga reasonable accommodation/modification.

TANONG: Ano ang Reasonable Modification (Makatuwirang Pagbabago) para sa Pabahay?

Sa ilalim ng Fair Housing Act, ang reasonable modification ay isang pagbabago sa istruktura sa kasalukuyang mga ari-arian, may nakatira man o titirahan ng taong may kapansanan, para ganap na masiyahan ang nasabing tao sa ari-arian. Ang mga reasonable modification (makatuwirang pagbabago) ay maaaring kinabibilangan ng mga pagbabago sa istruktura sa mga looban o labas ng mga tuluyan at sa mga karaniwang at pampublikong ginagamit na mga area. Kasama sa mga halimbawa ang pagkakabit ng rampa sa isang gusali, pagbababa sa limitasyon ng pasukan sa isang unit, o sa pagkakabit ng mga grab bar sa banyo. Sa ilalim

ng Fair Housing Act, ipinagbabawal ag diskriminasyon na kasama na ang pagtatanggi sa isang permit, na gagastusan ng taong may kapansanan, ang reasonable modification sa kasalukuyang mga ari-arian, may nakatira man o titirahan ng taong may kapansanan kung ang nasabing mga pagbabago ay maaaring kailangan para ganap na masiyahan ang nabanggit sa ari-arian.

Sa ilalim ng Section, ang housing provider ay kailangang magkaloob at magbayad para sa pagbabago sa istruktura bilang isang reasonable accommodation maliban na lang kung ito ay magdudulot ng di nararapat na kahirapang pinansiyal at administratibo o isang makabuluhang pagbabago sa programa. Kung magkaroon ng di nararapat na kahirapan o makabuluhang pagbabago, kailangan pa rin magbigay ang tatanggap nito ng anumang iba pang reasonable accommodation hanggang sa punto na hindi magresulta sa di nararapat na kahirapang pinansiyal o administratibo sa tatanggap at/o bubuo sa isang makabuluhang pagbabago ng programa.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa Section 504 Mga Madalas na Katanungan na pahina:

(https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/disabilities/sect504faq)

Tala: Ang requirement na ito upang mapagbigyan ang kahilingan ng indibiduwal para sa mga accessible na feature sa ilalim ng Section 504 ay hiwalay mula sa obligasyon ng tatanggap na magbigay ng access sa programa at magkaroon ng imbentaryo ng mga accessible unit na available para sa mga taong may kapansanan. Katulad nito, sa ilalim ng Fair Housing Act, may mga requirement sa disenyo at konstruksyon para sa mga covered na ari-arian na walang pagsasaalang-alang sa requirement para makapagbigay ng mga reasonable modification. Ang karagdagang impormasyon sa mga requirement sa pisikal na accessibility ay available sa Physical Accessibility (https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/physical_accessibility) na pahina.

TANONG: Ano ang ilang mga halimbawa ng Reasonable Accommodations o Modifications?

- Ang pagtatalaga ng isang accessible na mapaparadahan para sa taong may kahirapan sa pagkilos.
- Ang pagpapahintulot sa isang umupa na lumipat sa isang unit na nasa ground floor.
- Ang pag-aayos sa schedule ng pagbabayad sa upa para mapagbigyan kapag ang indibiduwal ay nakatanggap na ng tulong sa kita.
- Ang pagdadagdag ng grab bar sa banyo ng umuupa.
- Ang pagpapahintulot sa aplikante na magsumite ng isang application sa pabahay sa ibang pamamaraan.
- Ang pagpapahintulot sa isang assistance animal sa isang "walang mga alagang hayop" na gusali sa isang taong bingi, bulag, may mga seizure, o may mental disability. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga assistance animal ay available dito (https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/assistance_animals).

TANONG: Anong impormasyon ang maaaring hanapin ng isang provider kapag nag-request ng reasonable accommodation o modification na may kaugnayan sa pabahay?

Ang provider ay may karapatan na makatamo ng impormasyon na kinakailangan para tasahin kung ang na-request na reasonable accommodation o modification ay maaaring kailangan dahil sa isang kapansanan. Kung halata ang kapansanan ng tao, o alam ng provider, at kung ang pangangailangan para sa na-request na accommodation o modification ay kitang-kita o alam, sa gayon ang provider ay hindi maaaring mag-request ng anumang karagdagang impormasyon. Kung ang kapansanan at/o pangangailangan na may kaugnayan sa kapansanan para sa na-request na accommodation o modification ay hindi alam o hindi halata, maaari lang mag-request ang provider ng impormasyon na kinakailangan para matasa ang kapansanan at/o pangangailangan na may kinalaman sa kapansanan para sa accommodation. Ang impormasyong ito ay maaaring mula sa nagrequest na indibiduwal, medikal na professional, isang peer support group, isang non-medical service agency, o maaasahang ikatlong panig na nasa posisyon na alamin ang kapansanan ng indibiduwal. Sa karamihang mga kaso, ang mga medikal na rekord ng indibiduwal o detalyadong impormasyon tungkol sa kalikasan ng taong may kapansanan ay hindi kinakailangan para sa pagtatanong na ito at maaaring hindi naaangkop.

TANONG: Kailan maaaring tinanggihan ng isang housing provider ang na-request na accommodation o modification?

Ang housing provider ay maaaring tumanggi sa isang request para sa reasonable accommodation o modification kung ang request ay di nagawa o nasa ngalan ng tao na may kapansanan o kung walang pangangailangan na may kaugnayan sa kapansanan para sa accommodation o modification. At, ang request para sa reasonable accommodation o modification ay maaaring tanggihan kung ang nagkakaloob ng accommodation o modification ay magdudulot ng isang di nararapat na kahirapang pinansiyal o administratibo ng housing provider o makabuluhang mababago ang kalikasan ng programa ng housing provider. Ang pagpapasya sa di nararapat na kahirapang pinansiyal at administratibo ay dapat gawin ayon sa bawat kaso na kinabibilangan ng iba't ibang mga factor. Kung magkaroon ng di nararapat na kahirapan o makabuluhang pagbabago, kailangan pa rin magbigay ang housing provider ng anumang iba pang reasonable accommodation hanggang sa punto na hindi magresulta sa di nararapat na kahirapang pinansiyal o administratibo sa housing provider at/o bubuo sa isang makabuluhang pagbabago ng programa.

Kapag tinanggihan ng housing provider ang isang na-request na accommodation o modification, dapat na talakayin ng provider sa humihiling kung may alternatibong accommodation o modification na mabisang makakatugon sa mga pangangailangan ng humihiling na may kaugnayan sa kapansanan na walang makabuluhang pagbabago sa mga operasyon ng provider at hindi nagtatakda ng isang di nararapat na kahirapang pinansiyal at administratibo. Bilang parte ng interactive na proseso, dapat kilalanin ng housing provider na ang indibiduwal na humihiling ng accommodation o modification ay lubos na may kaalaman sa kaniyang kapansanan at nasa pinakamabuting posisyon para malaman kung anong uri ng tulong o serbisyo ang pinakamabisa para matugunan ang isang pangangailangan na may

kaugnayan sa kapansanan. Ang mga pag-uusap na ito ay madalas na nagreresulta sa isang mabisang accommodation o modification para sa humihiling na hindi nagdudulot ng di nararapat na kahirapang pinansiyal at administratibo para sa provider.

TANONG: Ano ang magagawa ko kung di kinilala o tinanggihan ng aking housing provider ang aking request, o hindi kami magkasunduan hinggil sa aking request para sa reasonable accommodation o modification?

Ang provider ay may obligasyon na magkaloob ng maagap na sagot sa mga request para sa reasonable accommodation. Ang di nararapat na pagkakaantala sa pagsagot sa reasonable accommodation request ay masasabing nabigo na magbigay ng reasonable accommodation. Ang kabiguang magkaroon ng kasunduan sa isang request ng accommodation ay isang desisyon ng provider na hindi ibigay ang hiniling na accommodation. Kapag ang isang taong may kapansanan ay naniniwala na siya ay sumailalim sa isang discriminatory na pamamalakad sa pabahay, kasama na ang di tamang pagtatangi ng provider sa request para sa reasonable accommodation, siya ay maaaring magsampa ng relamo (https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/online-complaint) sa Office of Fair Housing and Equal Opportunity (FHEO). Kung ang indibiduwal na tinanggihan ng accommodation ay nagsampa ng isang reklamo sa FHEO bilang di pagsasang-ayon sa nasabing desisyon, sa gayon ire-review ng Housing and Urban Development (HUD) (o ang estado o lokal na ahensya na tumatanggap ng reklamo) ang katibayan nang naayon sa ipinapatupad na batas at susuriin kung nalabag ng housing provider ang batas na iyon.

TANONG: Ano ang mga batas na naaangkop para sa mga request ng reasonable accommodation sa pabahay?

Ang Fair Housing Act

Sa ilalim ng Fair Housing Act ang reasonable accommodation (makatuwirang akomodasyon) ay isang pagbabago, eksepsyon, o pag-aayos sa isang tuntunin, patakaran, pamamalakad, o serbisyo. Ang Fair Housing Act ay ginagawang labag sa batas na tanggihan ang reasonable accommodation sa mga tuntunin, patakaran, pamamalakad, o serbisyo kapag ang nasabing mga akomodasyon ay maaaring kinakailangan para mabigyan ang mga may kapansanan ng patas na oportunidad na gamitin at mag-enjoy sa isang matutuluyan at sa mga pampubliko at karaniwang ginagamit na mga area.

Dagdag pa dito, ang Fair Housing Act ay nagbabawal sa isang housing provider na tanggihan na pahintulutan, sa taong may kapansanan, ang reasonable modification sa kasalukuyang mga ari-arian, may nakatira man o titirahan ng taong may kapansanan kung ang nasabing mga pagbabago ay maaaring kailangan para ganap na masiyahan ang nabanggit sa ari-arian.

Section 504

Di tulad ng Fair Housing Act, ang Section 504 ay hindi nagbibigay ng pagkaiba sa pagitan ng reasonable accommodations at reasonable modifications. Sa halip, ang parehong katawagan ay tinutukoy sa salitang "reasonable accommodations. Sa ilalim ng Section 504,

ang requirement para sa reasonable accommodation ay ginagamit sa anumang mga pagbabago na maaaring kinakailangan para makapagbigay ng patas na oportunidad para makasali sa anumang federally assisted program o aktibidad. Kabilang na dito ang pagbabago, pag-aangkop o pagbabago sa isang patakaran, programa, serbisyo, pasilidad, o lugar ng trabaho kung mapapahintulutan ang kuwalipikadong tao na may kapansanan na ganap na maging bahagi ng isang programa, mapakinabangan ang serbisyo, tumira sa isang pabahay, o makapagtrabaho. Maaaring kabilang rin sa reasonable accommodations ang anumang mga structural na pagbabago na maaaring kinakailangan. Ang mga reasonable accommodation ay maaaring may kasamang mga pagbabago na maaaring kailangan ng taong may kapansanan na magamit ang isang matutuluyan, kasama na ang mga pampubliko o karaniwang ginagamit na mga espasyo, o sumali sa federally assisted na programa o aktibidad. Sa ilalim ng Section 504, ang reasonable accommodation ay dapat ibigay at bayaran ng isang housing provider maliban na lang kung sa pagkakaloob nito ay magdudulot ng di nararapat na kahirapang pinansiyal at administratibo o isang makabuluhang pagbabago sa programa. Sa nasabing mga kaso, kailangan pa rin magbigay ang provider ng anumang iba pang reasonable accommodation hanggang sa punto na hindi magreresulta sa di nararapat na kahirapang pinansiyal o administratibo sa tatanggap at/o bubuo sa isang makabuluhang pagbabago ng programa. Bilang pandagdag sa nakasaad sa batas na requirement na gumawa ng reasonable accommodations sa ilalim ng Section 504, ang regulasyon ng HUD na Section 504 ay may kasama rin na "housing adjustments (mga pagbabago sa pabahay) sa ilalim ng 24 C.F.R. § 8.33.

Americans with Disabilities Act (ADA)

Katulad at batay sa Section 504 na makatuwirang accommodation na requirement, ang mga Title II at III ng ADA ay nangangailangan mula sa mga pampublikong entity at pampublikong accommodation na magsagaw ng mga reasonable modification sa mga patakaran, pamamalakad, o procedure para maiwasan ang diskriminasyon. Ang obligasyon na ito ay ipapataw maliban na lang kung mapapatunayan ng pampublikong entity na ang mga pagbabago ay may malaking pagbabago sa kalikasan ng serbisyo nito, ng programa o aktibidad (Title II), o mapapatunayan ng pampublikong accommodation na ang pagsasagawa ng mga pagbabago ay magdudulot ng malaking pagbabago sa kalikasan ng mga goods, serbisyo, pasilidad, pribilehiyo, advantage, o accommodation (Title III). Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang Department of Justice ADA page (<http://www.usdoj.gov/crt/ada/adahom1.htm>).

TANONG: Ano ang mga mahahalagang elemento ng isang request para sa reasonable accommodation o modification?

Ang request para sa accommodation o modification ay di kinakailangang nasa isang kasulatan, kahit na inirerekumenda ito para maisadokumento ang isang request. Ang impormasyon na dapat na kasama sa isang request para sa accommodation o modification ay kinabibilangan ng:

- Naaangkop na impormasyon sa patutunguhan
- Pangalan ng indibiduwal na humihiling ng reasonable accommodation o modification

- Kung ikaw ay isang nangungupahan, isaad rin ito at isama ang iyong address
- Isang pahayag na bilang isang taong may kapansanan, hinihiling mo ang isang reasonable accommodation o modification
- Ipahayag kung anong klaseng reasonable accommodation o modification ang hinihiling mo.
- Tukuyin ang naaangkop na batas
- Magsama ng dokumento mula sa isang medical professional na nagsasaad na ang akomodasyon ay kinakailangan kung hilingin at ang pangangailangan para sa accommodation o modification sanhi ng isang kapansanan ay hindi nakahanda o hindi handang magamit.
- Halimbawa

Jane Tenant
 Building 522 Apt 5
 West Missoula, Wisconsin 10243

John Building Owner
 Manager Building 522
 West Missoula, Wisconsin 10243

Mahal na John,
 Ako ay isang nangungupahan sa Building 522, Apt 5, West Missoula, Wisconsin 10243. Humihiling ako ng reasonable accommodation o modification bilang isang taong may kapansanan sa ilalim ng Fair Housing Act. Dahil sa aking kapansanan, kailangan na mayroon akong service dog. Hinihiling ko ang reasonable accommodation para sa iyong patakaran na walang mga alagang hayop, para mapahintulutan akong mapanatili ang paggamit ng aking service dog sa aking apartment. May inilalaki akong sulat mula sa aking doktor na nagsasadokumento ng pangangailangan ko ng isang service dog. Mangyaring sumagot sa request na ito sa loob ng 20 araw na may pasok sa trabaho.
 Sumasainyo,
 Jane Tenant

TANONG: Anong uri ng mga hayop ang maaaring payagan sa ilalim ng Fair Housing Act?

Ang mga may kapansanan ay maaaring humiling na magkaroon ng isang assistance animal bilang reasonable accommodation sa mga limitasyon sa alagang hayop ng provider ng pabahay. Ang assistance animal ay isang hayop na nagtatrabaho, nagbibigay tulong, o kumikilos para mapakinabangan ng isang taong may kapansanan, o nagkakaloob ng emosyonal na suporta na nagbibigay ginhawa sa isa o higit pang mga tiniyak na epekto ng kapansanan ng nasabing tao. Ang assistance animal ay di matuturing na isang pet.

TANONG: Paano ako makakapagsampa ng reklamo kung sa palagay ko na ang aking mga karapatan sa pabahay ay nalabag?

Ang mga reklamo ay maaaring isampa sa Office of Fair Housing and Equal Opportunity sa buong bansa at may mga ahensyang lokal o sa estado batay sa mga lokal at pang-estadong batas.

FHEO Online

Maari kang magsampa ng reklamo sa FHEO online sa wikang Ingles (<https://portalapps.hud.gov/FHEO903/Form903/Form903Start.action>) o Espanyol (https://portalapps.hud.gov/AdaptivePages/HUD_Spanish/Espanol/complaint/complaint-details.htm).

FHEO Email

Maaari mong i-download ang form na ito (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12150.PDF) (na available din sa Arabic (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12147.PDF), Cambodian (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12148.PDF), Chinese (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12149.PDF), Korean (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12151.PDF), Russian (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12152.PDF), Somali (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_20596.PDF), Spanish (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12153.PDF), at Vietnamese (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12154.PDF) at ipadala ito sa email sa iyong lokal na FHEO office sa email address na nakasulat sa listahan na ito (https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/contact_fheo).

Telepono ng FHEO

Maaari kang makipag-usap sa isang FHEO intake specialist sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-669-9777 o sa 1-800-877-8339.

Maaari ka rin tumawag sa iyong regional FHEO office sa mga numero ng telepono na nasa listahan na ito (https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/contact_fheo).

FHEO Mail

Maaari mong i-print ang form na ito (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12150.PDF) (na available din sa Arabic (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12147.PDF), Cambodian (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12148.PDF), Chinese (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12149.PDF), Korean (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12151.PDF), Russian (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12152.PDF), Somali (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_20596.PDF), Spanish (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12153.PDF), at Vietnamese (https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12154.PDF) at ipadala ito sa iyong regional FHEO office sa address na nasa listahan na ito (https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/contact_fheo).

Pinagkuhanan: https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/online-complaint

Mga

Pinagkuhanan: https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/reasonable_accommodations_and_modifications

https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/assistance_animals

https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/online-complaint

Gusto mong may makausap?

Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong. Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 9 am-8 pm EST. Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa <https://www.christopherreeve.org/tl/get-support/ask-us-anything/form>

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayan na gamitin bilang medikal na diagnosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang publikasyon na ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na \$8,700,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.